REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MUNICIPALITY OF **Muntinlupa**
METROPOLITAN MANILA

OFFICE OF THE MAYOR

**UNANG PAGLILIPAT**
**Marso 13, 1989**

**Magalang na inililipat sa Tanggapan ng Laang-Gugulin ang kalakip na Kapasiyahan Bilang 89-88 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan sa kanilang panglimampung (50th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong Marso 6, 1989 upang mabigyan ng laang-gugulin ang kahilingan na bigyan ng tulong na pananalapi sa halagang labing limang libong piso (₱15,000) si Bb. Jean J. Buenaventura, bilang kinatawan sa Language Center Teaching Methodology Seminar na gaganapin sa Singapore sa ika-10 hanggang ika-14 ng Abril, 1989.**

**Para sa inyong maagang pagpapasiya.**

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

**Kalakip :**

**Gaya ng nasasaad**

Binigyan ng Sipi :

Punong Bayan Ignacio R. Bunye
**Pangalawang Punong Bayan Jaime R. Fresnedi**
Sipi ng Tanggapan.

Received by:
Osmar
3-13-89
5:00 p.m.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-88

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG TULONG NA PANANALAPI SA HALAGANG LABING-LIMANG LIBONG PISO (₱15,000) SI BB. JEAN J. BUENAVENTURA, NANINIRAHAN SA 308 MENDIOLA ST., PUROK I, BARANGAY ALABANG, BILANG KINATAWAN SA LANGUAGE CENTER TEACHING METHODOLOGY SEMINAR NA GAGANAPIN SA SINGAPORE SA IKA-10 HANGGANG IKA-14 NG ABRIL, 1989

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang mga ganitong pagsasanay kung bibigyan ng kaukulang pagtangkilik ay magdudulot ng malaking tulong sa hustong pagpapaunlad ng mga kabataan lalo na ng isang mag-aaral;

SAPAGKAT, ang pagtangkilik sa mga ganitong makabuluhang pagsasanay ay malayo ang mararating sa pagpapabuti ng edukasyon sa ating bayan;

SAPAGKAT, ang pagpapalawak ng kaalaman at iba pang kasanayan para sa sariling kaunlaran ay magsisilbing matibay na saligan sa isang matatag na kinabukasan;

SAPAGKAT, tungkulin ng Pamahalaang Bayan ng tulungan ang bawat mamamayan na mabigyan ng mabuti, maayos at maunlad na hinaharap ang mga ito.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na bigyan ng tulong na pananalapi sa halagang labinglimang libong piso (₱15,000) si Bb. Jean J. Buenaventura, naninirahan sa 308 Mendiola st., Purok I, Barangay Alabang, bilang kinatawan sa Language Center Teaching Methodology Seminar na gaganapin sa Singapore sa ika-10 hanggang ika-14 ng Abril, 1989.

Pinagtibay ng nakararaming kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 50th pangkaraniwang pulong ngayong ika-6 ng Marso, 1989.

KGG. NEMESIO O. MOZO
Pansamantalang Pangulong Opisyal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kapasiyahan Bilang 89-88

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L.DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan